

AKO: BILANG ISANG GURO SA UNANG BAITANG

by:

Jonabel D. Ancheta

Teacher II, Sta. Isabel Elementary School

Ako ay isang guro sa Unang Baitang. Araw-araw, ang aking tungkulin ay hindi lamang ang magturo ng pagbasa, pagsusulat, at pagbibilang, kundi maging pangalawang magulang sa aking mga mag-aaral. Napakahalaga ng kanilang unang karanasan sa pormal na edukasyon, kaya't sinisikap kong gawing masaya, makabuluhan, at puno ng pagmamahal ang bawat sandali sa aming silid-aralan.

Bilang guro sa unang baitang, ako ang unang humahawak sa kamay ng mga batang nagsisimula pa lamang sa kanilang paglalakbay tungo sa pagkatuto. Maingat kong inihahanda ang mga aralin—mga araling simple ngunit kapaki-pakinabang, madaling unawain ngunit may pangmatagalang kabuluhan. Upang mapukaw ang kanilang interes, gumagamit ako ng awit na nagbibigay-sigla, laro na nagdudulot ng kasayahan, kwento na pumupukaw ng imahinasyon, at kulay na nagbibigay-buhay sa kanilang pagkatuto.

Hindi madali ang magturo sa murang edad ng mga bata. Kailangan ng walang hanggang pasensya, malawak na pang-unawa, at taos-pusong malasakit. May mga batang mabilis matuto, at mayroon ding nangangailangan ng mas maraming gabay at atensyon. Ngunit sa kabila ng lahat ng hamon, napapawi ang aking pagod sa bawat ngiti, bawat yakap, at bawat munting tagumpay na kanilang nakakamtan. Ang mga maliliit na tagumpay na ito ang nagsisilbing pinakamalaking inspirasyon ko bilang guro.

Ang pagiging guro sa unang baitang ay isang napakahalagang papel—isang tungkuling hindi lamang nakatuon sa kaalaman, kundi sa paghubog ng pagkatao at

pangarap ng bawat bata. Sa bawat araw na lumilipas, pinipili kong gampanan ito nang may puso, pag-asa, at walang hanggang dedikasyon.

Ako ay isang guro—at sa puso ko, habang ako’y nabubuhay, mananatili akong gabay ng mga batang nangangarap, ilaw sa kanilang landas, at katuwang sa kanilang paglalakbay tungo sa mas maliwanag na bukas.

References:

Knowing First Grades

What Every 1st Grade Teacher Needs to Know about Setting Up and Running a Classroom

2011

Northeast Foundation for Children, Inc.